AGC

Philippine Edition

# Group Code of Conduct



**GLOBALLY COMMITTED TO COMPLIANCE**

# Filipino Version

# Isang mensahe mula sa AGC Group CEO

## Sa paglunsad ng binagong Alituntunin ng Kaasalan




Sa Lahat ng mga Miyembro ng AGC Group,

Noong 2008, ang AGC Group ay isinama ang mga alintuntunin ng kaasalan ng mga grupo ng kompanya at mga rehiyon at ipinakilala ang pinag-isang alintuntunin ng kaasalan para sa buong Grupo - ang "AGC Group Code of Conduct". Naniniwala ako na ang pagbabahagi ng isang alituntunin ng kaasalan ay nagpaliwanag kung ano ang lahat sa atin ay dapat sundin bilang kasapi ng Grupo.

Ngayon na binago namin ang Group Code of Conduct - mula sa ating kamakailang malawak na karanasan sa Pagsunod at masusing pagsasaalang-alang ng mga prinsipyo na mahalaga sa atin bilang isang pandaigdigang organisasyon, na may pangitain na mapahusay ang negosyo at, higit sa lahat, palakihin pa. Bilang karagdagan sa pagbabago ng nilalaman ng Alituntunin, aming pinagtibay ang isang bagong estilo at ayos na inaasahan naming ang lahat ay madaling maunawaan at ikalulugod.

Mangyaring siguraduhin na basahin ang booklet na ito at matuto na sumunod sa bawat prinsipyo ng Alituntunin. Ang pagsunod ay mahalaga para sa AGC Group upang maging karapat-dapat at mapanatili ang tiwala ng ating mga mamimili, ang lokal na komunidad at iba pang mga namumuhunan. Ang pagpapanatili ng tiwala ay nangangailangan ng napakalaking pagsisikap at ang mga pagsusumikap na ito ay mahalaga dahil sa isang paglabag ng Alituntunin ay agad na maaaring ikasira ng lahat ng tiwala na naipundar at nangangailangan ng mahabang panahon para sa pagbawi. Dapat samakatuwid ay laging maging personal na responsibilidad ang pagsunod ng Alituntunin sa lahat ng respeto.

Ang inyong mga pagsusumikap upang sundin ang bagong Alituntunin ay hindi lamang ang AGC Group ang makikinabang ngunit ang bawat isa, sa kadahilanang alam mo na ikaw ay sumusunod sa mga batas at mga mataas na pamantayan ng etika at ikaw ay nagtatrabaho sa isang kapaligiran kung saan ang pakiramdam mo ay ligtas at maaari mong lubusang maipagmalaki.

Hinihiling ko na ang bawat isa ay samahan ako sa paggawa ng matapat na pangako sa buong pagsunod sa ating bagong Alituntunin.

Sumasainyo,

K. Ishimura

Pangulo, Pinakamataas na Pinuno ng Pag-Alinsunod



# Nilalaman


| | |
|---|---|
| Panimula | **52** |
| | |
| Ano ang Pangkat na Alituntunin ng Kaasalan? | **52** |
| Bakit mayroon tayong Pangkat na Alituntunin ng Kaasalan? | **53** |
| Sino ang dapat sumunod sa Pangkat ng Alituntunin? | **54** |
| Ano ang inaasahan sa iyo kapag natanggap mo ang booklet na ito? | **54** |
| Ano ang Samahan sa Pag-alinsunod? | **55** |
| Ano ang mangyayari kapag may paglabag sa Alituntunin? | **56** |
| Paano maaaring kumuha ng tulong o gumawa ng mga Ulat? | **56** |
| Paano iniimbestigahan ang mga Ulat tungkol sa isyu ng Pag-alinsunod? | **57** |
| Ano ang patakaran ng AGC Group laban sa Paghiganti? | **57** |
| Tungkol sa Booklet | **58** |
| | |
| Ang ating Pangkat ng Alituntunin ng Kaasalan | **59** |
| | |
| Pundasyon sa Pag-alinsunod (Patakaran 1) | **60** |
| Makatarungang Kumpetisyon at Antitrust (Patakaran 2) | **62** |
| Mga Alituntunin ng ACG tungkol sa Antitrust | **64** |
| Kalusugan at Kaligtasan sa Pook Pagawaan (Patakaran 3) | **66** |
| Kapaligiran (Patakaran 4) | **68** |
| Paggalang sa Tao (Patakaran 5) | **70** |
| Kalidad at Kaligtasan ng mga Produkto at Serbisyo (Patakaran 6) | **72** |
| Mga Ulat at Talaan (Patakaran 7) | **74** |
| Panloob na Pakikipagkalakalan (Patakaran 8) | **76** |
| Ari-arian ng Kompanya at Third-party at Lihim na Impormasyon (Patakaran 9) | **78** |
| Pagkakasalungatan ng Kapakanan (Patakaran 10) | **80** |
| Handog at Libangan (Patakaran 11) | **82** |
| Pakikipag-ugnayan sa mga Opisyal ng Pamahalaan at Pulitiko (Patakaran 12) | **84** |
| Pandaigdigang Kontrol sa Pakikipagkalakalan (Patakaran 13) | **86** |
| Annex: Mga Alituntunin para sa “Pagbabawal ng mga Mapanlinlang na mga transaksyon” (Asya) | **88** |

# Panimula



## Ano ang Pangkat na Alituntunin ng Kaasalan?

Ang Group Code of Conduct ('GCoC') ay isang salamin o pagpapakilala ng ating pinahahalagahang "Integridad" (o marangal na pagkatao) sa AGC Group at sa pananaw nitong ***"Look Beyond"*** o Pagtanaw sa Malayo. Sinasaklaw at tinutukoy nito ang mga kailangan para sa lahat ng kompanya ng AGC at mga tauhan upang matiyak na ang kanilang kaasalang-pangkalakalan ay umaalinsunod sa mga batas, sa mga patakaran ng mga kompanya ng AGC kasama ang mga regulasyon at etikong-pangkalakalan.

# Bakit mayroon tayong Pangkat na Alituntunin ng Kaasalan?

Ang AGC Group ay itinakda ang "integridad" bilang isa sa mga nabahagi nitong pagpapahalaga sa ilalim ng pananaw nitong ***"Look Beyond"*** o Pagtanaw sa Hinaharap. Lahat ng kompanya ng AGC Group ay dapat na sundin ang mga Naibahaging Pagpapahalaga—susi sa mga pamantayan na ang lahat ng mga miyembro ng AGC Group ay dapat ibahagi bilang batayan sa bawat aksyon na gagawin.
Para makamit ang pangmatagalang paglago bilang isang pandaigdigang kompanya, ang AGC Group ay dapat mabisang tumugon sa makatwirang inaasahan ng ating mga empleyado at kanilang mga pamilya, ang ating mga kostomer, mga supplier at mga namumuhunan at ang mga komunidad kung saan tayo gumagawa (sama-samang "stakeholders") at makuha ang tiwala nitong mga namumuhunan. Sa pagtatapos na ito, kailangan natin patuloy na sundin ang Naibahaging Halaga ng integridad
Upang tunay na makasunod sa halaga ng "integridad," kinakailangan na sundin natin ang lahat ng batas, lahat ng mga patakaran ng kompanya / mga tuntunin at etika sa negosyo. Ipinapaliwanag sa alituntunin na ito kung paano dapat natin gawin ito--at sa gayon kung paano kami kumilos na may integridad.

Ang pagsunod sa Alituntunin ay mahalaga sa ating tagumpay, na ating maipagmamalaki bilang isang bahagi ng AGC Group at sa pagtitibay ng mga responsibilidad na mayroon kami sa aming mga namumuhunan.

## AGC Group Vision
## *"Look Beyond"*




### Ang Pagbabago at Kagalingan sa Pamamahala

- **Kami ay patuloy na maghahanap ng mga pagbabago sa teknolohiya, mga produkto at serbisyo na binibigay namin sa pamamagitan ng pag-iisip higit pa sa kumbensyunal ideya at balangkas.**
- **Kami ay patuloy na lilikha ng bagong halaga na natutugunan ang pangangailangan ng aming mga potensyal at hinaharap na mga kostumer sa pamamagitan ng pag-iisip mula sa pananaw ang mga kostumer at tumpak pagtataya ang mga pagbabago sa lipunan at mga merkado.**
- **Kami ay patuloy na pagbubutihin ang aming mga operasyon tungo sa higit pang kahusayan at kalidad ng alinmang gawain at magsusumikap para sa pinakamataas na posibleng pamantayan ng paggawa.**

### Pag-iiba-iba

- **Kami ay gagalang sa kapwa na may pagkakaiba-iba na kakayahan at personalidad at ang aming pandaigdigan pangasiwaan ay namamahala ng walang pagsasaalang-alang sa kabansaan, kasarian at pinanggalingan**
- **Kami ay gagalang sa kulturang pagkakaiba-iba kahit ano pa ang lahi, kinamulatan, relihiyon, wika at kabansaan.**
- **Kami ay gagalang sa iba't ibang pakahulugan o pang-unawa at opinyon sa lahat ng oras.**

### Kapaligiran

- **Kami, bilang mabuting mamamayan ng daigdig ay tutulong sa paglikha ng napapanatiling lipunan sa pagkakatugma sa kalikasan.**
- **Kami ay magsusumikap na lumikha at higit pang mapabuti ang kalagayang pangkalusugan at kaligtasan sa ating pook-gawaan**

### Integridad

- **Kami ay bubuo ng bukas at makatarungang pakikipag-ugnayan sa lahat ng namumuhunan batay sa pinakamataas na pamantayang etikal.**
- **Kami ay mahigpit na susunod sa mga naaangkop na mga batas at patakaran.**
- **Kami ay tutupad sa pagsasakatuparan ng aming mga responsibilidad na may kaugnayan sa lahat ng mga produkto at serbisyong binibigay namin upang upang makamit ang kasiyahan at tiwala ng kostumer.**

**Revised April 2012**

# Sino ang dapat sumunod sa Pangkat ng Alituntunin?

Mayroon tayong parehong Alituntunin sa buong AGC Group buong mundo-naaangkop sa lahat ng bawat lugar ng trabaho. Ang ating Alituntunin ay akma sa lahat ng mga negosyo ng AGC Group at ang kanilang mga empleyado, mga direktor at mga opisyal. Bilang karagdagan, naghahangad kaming makipagnegosyo sa mga tao at mga kompanya na igalang ang katulad na prinsipyo.



# Ano ang inaasahan sa iyo kapag natanggap mo ang booklet na ito?

Mangyaring basahin ang Alituntunin at panaka-nakang suriin ito. Tignan ito para sa gabay kung makita mo ang anumang mga isyu ng pagsunod.

Dapat mong :

- Isama ang pagalinsunod sa Alituntunin sa iyong pang-araw-araw na aktibidad.
- Konsultahin ang Alituntunin kapag hindi ka sigurado kung ano ang gagawin at kung kinakailangan, ay magtanong sa management o alinman sa mga Compliance Resources na nakikita sa pahina 56.
- Iulat kaagad ang mga alalahanin tungkol sa aktwal o pinaghihinalaang illegal o hindi etikal na pag-uugali

Sa buong Alituntunin, may mga kapaki-pakinabang na mga batayan at mga sitwasyon upang tulungan ka sa pagsasagawa ng mga tamang pagpipilian.

# Ano ang Samahan sa Pag-alinsunod?

Ang AGC Group CEO ay ang pinakamataas na pinuno (Chief Compliance Officer) para sa buong AGC Group. Siya ay nagtalaga ng isang Pandaigdig na Pinuno ng Pag-alinsunod (Global Compliance Leader) na siyang responsable sa pagpaplano, pagsasakatuparan at pagsubaybay ng mga gawain ng pagalinsunod ng Pangkat. Ang mga Regional Compliance Committees ng bansang Japan / Asia, Europa at Hilagang Amerika Regional Compliance komite ay itinatag sa ilalim ng Pandaigdig na Pinuno ng Pag-alinsunod upang magpatupad ng Pag-alinsunod na Programa sa buong mundo.



# Ano ang mangyayari kapag may paglabag sa Alituntunin?

Maaaring mapatawan ng kaparusahan ang sinumang empleyadong lalabag sa patakaran ng kompanya. Karampatang parusa rin ang maaaring ipataw sa mga direktor at opisyal kung lumabag sila sa Alituntunin, alinsunod sa mga batas at regulasyon ng kompanya.



# Paano maaaring kumuha ng tulong o gumawa ng mga Ulat?

Kung mayroon kayong mga katanungan o suliranin tungkol sa Pag-alinsunod o nagnanais na mag-ulat tungkol sa isyu ng Pag-alinsunod, tawagan ang management o alinman sa mga Compliance Resources,  kabilang na ang Compliance Help-line.

- Ang inyong Compliance Officer or Director
- Ang inyong human resources representative -lalo na sa kaso ng mga empleyado - o mga usapin na may kaugnayan sa trabaho
- Ang inyong legal na tagapayo ng kompanya-lalo na sa kaso ng mga legal na usapin

Kayo ay lubos na inaanyayahan na ibigay ang inyong pagkakakilanlan kapag gumawa ka ng isang ulat o isumite ang iyong mga ulat nang hindi nagpapakilala-kung ano ang gusto mong piliin.

# Paano iniimbestigahan ang mga Ulat tungkol sa isyu ng Pag-alinsunod?

Ang AGC Group ay iimbestigahan ang lahat ng mga ulat na walang kinikilingan at lubusan at gagawin ang naaangkop na aksyon. Kung ipapakilala mo ang iyong sarili kapag gumawa ng isang ulat, maaari mong hilingin sa kompanya na gawing lihim ang iyong pagkakakilanlan. Ang kompanya ay gagawa ng bawat makatwirang pagsisikap na gawin ito ayon sa lawak ng kanilang magagawa sa imbestigasyon na naaangkop sa ilalim ng batas. Ganito rin ang gagawin kung hilingin mo sa kompanya na tratuhin ang impormasyon bilang lihim- na hindi inaalintana kung ipinakilala mo ang iyong sarili o naisumite ang iyong ulat  na hindi ka nagpapakilala.

Lahat tayo ay inaasahan na ganap na makipagtulungan sa anumang internal na pagsisiyasat.



# Ano ang patakaran ng AGC Group laban sa Paghihiganti?

Maaari mong iulat ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa ating Alituntunin nang walang takot ng paghihiganti. Ang AGC Group ay mahigpit na ipinagbabawal ang paghihiganti laban sa sinumang tao na nag-ulat ng posibleng paglabag o pakikilahok sa isang pagsisiyasat na may kinalaman sa posibleng paglabag. Ang sinasabing pagkilos "ng walang masamang hangarin" ay nangangahulugan na mayroon kang tapat na ulat ng impormasyon na pinaniniwalaan mong totoo. May karampatang parusa laban sa empleyado na gumanti laban sa isa pang tao na nagbigay ng ulat tungkol sa isyu ng pag-alinsunod.

Tandaan, gayunpaman, na ang paggawa ng isang sadyang huwad na ulat ay hindi katanggap-tanggap at magreresulta rin sa karampatang parusa.

# Tungkol sa Booklet

Ang booklet na ito ay naglalaman ng mga global na pangangailangan pati na rin mga paliwanag na nakapokus sa Pilipinas. Ang bahaging global ay nakasulat sa asul na background habang ang Pilipinas-suplemento ay nakasulat sa puti na background pagkatapos ng bahaging global.



# Ang ating Pangkat ng Alituntunin ng Kaasalan

# 1 Pundasyon sa Pag-alinsunod (Patakaran 1)

Sinusunod namin ang lahat ng mga naaangkop na mga batas at mga patakaran ng kompanya at mga gawain tungkol sa aktibidad sa negosyo na may integridad.

Kami ay tapat sa lahat ng ginagawa naming.



Ang pahayag na ito ay nagtatakda ng pangkalahatang saklaw ng Alituntunin. Ang iba pang nakalagay ay nagpapaliwanag ng pangunahing mga pangangailangan.
Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa pagalinsunod sa mga batas o patakaran ng  Kompanya, mangyaring makipag-ugnayan sa management o alinman sa Compliance Resources na nasa pahina 56 sa itaas.

Ang ating mga pinuno at mga empleyado ay sumusunod sa mga batas at patakaran ng kompanya at nakikipagkalakalan nang may integridad.

Ang kompanya ay  buong taimtim at masigasig na kumikilos upang makatiyak na an gating mga pinuno at mga kawani ay sumusunod sa mga batas at sa AGC Group Code of Conduct.



**Q:** Bilang isang kompanya, ang AGC ay mahigpit na sumusunod sa naaangkop na mga batas sa pagnenegosyo sa Pilipinas. Kailangan ko pa bang sundin ang sariling panuntunan ng kompanya?

**A:** Oo. Dapat din natin mahigpit na sundin ang mga panuntunan sa loob ng planta ng AGC lalo na tungkol sa mga panuntunan ng kaligtasan at seguridad ng impormasyon. Maski na walang nakakakita sa paligid, dapat lagi tayong maging matapat sa lahat ng ating ginagawa na hindi inaalintana kung may iba na maaaring makakita nito lalo na't bahagi ito ng  mga patakaran at panuntunan ng kompanya.



# 2 Makatarungang Kumpetisyon at Antitrust (Patakaran 2)

Kami ay sumusunod sa lahat ng batas na itinakda ng Antitrust Laws, gayundin sa AGC Antitrust Guidelines – upang makatiyak ng isang malaya at makatarungang gawaing-pangkalakalan at kumpetisyong pang-pamilihan.

Upang makayanan natin na makipagkumpitensya sa etikal at makatarungang paraan, mahigpit naming sinusunod ang lahat ng naaangkop na mga batas sa antitrust, na tinatawag natin minsan bilang batas pangkumpetisyon (competition laws). Karagdagan nito, tayo ay umaalinsunod sa panuntunan ng AGC Antitrust Guidelines sa buong mundo. Ito ay nakalahad sa pahina 64. Kung ang mga batas na ito at patnubay ay naaangkop sa iyong trabaho, ikaw ay may responsibilidad na malaman at sundin ang mga ito sa lahat ng oras.

Ang mahigpit na pagpapatupad ng mga batas sa Antitrust sa buong mundo at pagpapataw ng parusa sa mga gawaing pang-kartel ay lalong tumitindi kaysa noon. Maaaring isama rito ang mataas na multa pati na rin ang pagkabilanggo ng indibidwal. Maaari rin itong idulog sa mga pribadong hukuman upang mabawi ang malaking pinsala dulot ng mga paglabag sa antitrust.

Ang mga pakikipag-ugnayan sa mga kakumpitensya ay maaaring maging malubhang antitrust risks para sa lahat ng mga negosyo ng AGC Group.

Samakatuwid:

- Hindi tayo nararapat na magkaroon ng anumang nakaplanong pakikipag-ugnayan sa mga kakompitensya natin sa negosyo maliban kung ito ay para sa isang lehitimong layunin at sinang-ayunan ng pamunuan ng kompanya o lehitimong layunin at sinang-ayunan ng pamunuan ng kompanya o lehitimong group ng kompanya
- Pagkatapos ng anumang pakikipag-ugnayan sa isang kakompitenysa, nararapat na tayo nararapat na ihanda at mapanatili mo ang talaan ng mga naka-ugnay.

Ang mga ito ay nakalahad sa AGC Antitrust Guidelines na una nang nabanggit sa itaas.

Sa ganitong paraan, mahigpit na ipinagbabawal ang pagpasok sa pormal o hindi pormal na mga kasunduan sa mga kakumpitensiya na maaaring magpatigil ng kalakalan, tulad ng:

- Pakikipag-ayos ng mga presyo
- Pagmamanipula ng mga "bids"
- Paghahati o paglaan ng mga merkado, teritoryo o mga customer

Kung ang isang katunggali ay sumusubok upang talakayin sa iyo alin man sa mga paksang ito, nararapat na agad itigil ang pag-uusap. Kailangan mo rin agad na iulat ang mga kaganapang ito sa iyong superbisor o legal na tagapayo.

Ang Antitrust law sa pangkalahatan ay nagbabawal ng hindi wastong pagkontrol sa anumang merkado at pagpasok sa pormal o hindi pormal na kasunduan o unawaaan sa mga supplier o mga kostumer na maaaring pumigil sa kumpetisyon --tulad ng hindi wastong pagtali sa produkto, pakikipagsabwatan sa presyo o di pagpili sa mga natatanging kostumer o mangangalakal.

Sumusunod kami sa lahat ng batas ng Pilipinas laban sa mga monopoly at iba pang kombinasyon ng balakid sa pangangalakal upang makatiyak sa isang malaya at makatarungang gawaing pangkalakalan at kumpetisyong pang-pamilihan, kasama ang Revised Penal Code – Act No. 3815.

Ang Saligang Batas ng Pilipinas at ang Alituntuning Penal ay nagbabawal sa monopoly at iba pang kumbinasyong magsisilbing balakid sa pangangalakal.

Ang Saligang Batas ng Pilipinas ay pinatibay noong taong 1987 ang Section 19 nito na nagsasaad ng:
"Ang estado o pamahalaan ang siyang magsasaayos o magbabawal ng mga monopoly lalo na kung ang kapakanang pampubliko ang nakataya. Hindi mapahihintulutan ang anumang magiging balakid sa kalakalan oo di-makatarungang kumpetisyon". Sa kasalukuyan, maraming nakabinbing mga panukalang batas sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas at Senado ng Pilipinas na naglalayong parusahan ang mga hindi patas na mga kasanayan sa kalakalan at laban sa pagpigil ng kalakalan, hindi patas na kumpetisyon at pang-aabuso ng nangingibabaw na kapangyarihan.

**Q:** Ako ay isang kawani ng AGC na nagbebenta ng produkto ng kompanya. Ako ay inanyayahan ng isang kakumpetisyon sa negosyo sa isang pag-uusap ukol sa posibilidad ng pagbili ng mga produkto ng kanyang kompanya mula sa amin. Sa dahilang ito ay pakikipag-ayos tungkol sa pagbili / pagbenta at hindi tungkol sa kumpetisyon sa pagitan ng mga kompanya, pinag-iisipan kong tanggapin ang kanyang alok nang walang paalam sa sinuman sa aking kompanya. Ito ba ay nararapat?

**A:** Hindi. Bago magkaroon ng anumang nakaplanong pakikipagtalastasan sa isang kakumpitensya, kailangan mong makuha ang pagsang-ayon ng mga taong kinauukulan na mag-apruba, at pagkatapos ng anumang naturang pakikipagtalastasan, kailangan mong maghanda ng isang pag-uulat na nakatala ang mga nakasalamuhang kakumpetisyon ayon sa isinasaad ng AGC Antitrust Guidelines. Tandaan na hindi mo kailangang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa isang kakumpetisyon na walang isang lehitimong layunin.

Pandaigdigang Pamantayan sa Pagsunod sa Batas Antitrust (Itinatag noong Sept.1, 2005)

1. Bago dumalo sa mga pagpupulong ng mga kalabang kompanya (kabilang ang mga pakikipagpulong sa mga samahang-pangkalakalan), magsagawa muna ng mga posibleng hakbangin upang matiyak kung ang mga layunin ng mga nasabing pagpupulong ay umaalinsunod sa pananaw ng mga naaayong batas. Sikaping maging madalang ang pagdalo sa mga nabanggit na pulong hanggat maaari. Kung mapapansing hindi na kailangang panatiliin ang anumang ugnayan sa mga samahang-pangkalakalan, iwan na ang samahan.
2. Sa anumang pakikipagpulong sa mga kalabang kompanya, ipaalam sa kanila ang iyong layuning pagsunod sa Antitrust Law at iwasang magsimula ng mga di-kailangang pakikipag-ugnayan sa kanila.
3. Kung binabalak na makipagpulong sa mga kalabang kompanya, ipaalam muna sa superbisor at hingin ang kanyang pahintulot bago iyon isagawa.
4. Palaging magkaroon ng mga nakasulat na talaan o rekord ng mga detalye ng mga pakikipag-usap sa mga kalabang kompanya.
5. Isangguni ang mga nakasulat na talaan/rekord na ito sa Legal Division (o kung ipinag-utos ng tagapamahala, sa isang kompanya ng mga abogado (law firm) nang palagian para masuri).
6. Kung ang alinmang kalabang kompanya ay makipag-ugnayan sa inyo sa isang kaparaanang magdudulot ng suspetsa o duda sa posibleng paglabag sa Antitrust Law, ipaalam kaagad sa inyong superbisor at sa Legal Division at hingin ang kanilang payo.
7. Kung may makikita o maririnig na sinumang kawani o empleyadong posibleng nakikisangkot sa mga gawaing labag sa Antitrust Law, ipaalam kaagad ito sa inyong superbisor o sa Legal Division o sa mga namamahala sa Corporate Compliance.

## Pamantayang May Kinalaman sa Pakikipag-ugnayan sa mga Kalabang Kompanya at Samahang-Pangkalakalan (Para sa Japan at Asia)

**Ipinagbabawal ang pagbubuo ng mga kartel o pagsasaayos ng mga magkakaalam o magkakakutsabang pagbibigay-turing (collusive bidding) sa mga kalabang kompanya o samahang-pangkalakalan, o magsagawa kaya ng anumang panggagalingan ng suspetsa o pagdududa.**

<Sanggunian> Code of Conduct(5.(1) Fair competitions with competitors)

Ang mga sumusunod na gawaing pang-kartel na isinasagawa ng magkakalabang kompanya o samahang pangkalakalan ay ituturing na labag sa batas at maaaring pagbatayan ng multa o kasong kriminal. (Para sa mga kasong nababatay sa mga tiyak na lehitimong pakikipag-ugnayang pangkalakalan, mangyaring tingnan ang # I sa ibaba nito)

- Pag-uusap na may kinalaman sa presyo o halaga (karagdagan sa halaga ng produkto, kabilang dito ang mga halaga ng konstruksyon, transportasyon, pangangalaga at pagbisita)
- Pagsasaayos na may kinalaman sa dami ng benta, pagpapadala at paggawa ng produkto, atbp. o ang bahagdan ng mga quota na nakalaan para sa bawat kompanya.
- Pag-uusap tungkol sa mga isyung tulad ng paglilimita sa bilang ng araw at bahagdan ng operasyon at pagbabawal para sa mga karagdagang kasangkapan o paglilimitang may kinalaman sa paggamit ng mga bagong teknolohiya.
- Pag-uusap tungkol sa “bidding” o pagtuturing
- Alokasyon para sa mga suki o kostumer
- Pagsasaayos tungkol sa hatian sa pamilihan

Ang mga sumusunod ay ipinagbabawal sapagkat ang mga ito ay may malalaking posibilidad na maging batayan ng suspetsa para sa kartel. (Sumangguni sa I at IV sa ibaba nito).

- Pagkakaloob ng impormasyon tungkol sa halaga, laki ng benta at ng produksyon, kasangkapan at atbp., kaalinsabay ng paggamit ng mga facsimile, e-mail o telepono.
- Kawalan ng aksiyon bagamat ang mga binanggit na impormasyon ay magkakasabay na inialok o ipinaalam.

**I. Ang pakikipag-ugnayan at pakikipagpulong sa mga kalabang kompanya at pakikilahok sa mga samahang-pangkalakalan ay ipinahihintulot lamang sa mga limitadong pagkakataon at yaong nakatitiyak na hindi magdudulot ng mga isyung lalabag sa Antitrust Laws.**

1. Pakikipag-ugnayan at Pakikipagpulong sa mga Kalabang Kompanya

1.1 Ang pakikipag-ugnayan at pakikipagpulong sa mga Kalabang Kompanya ay limitado lamang sa mga kasong importante na kung saan ang kompanya at mga kalabang kompanya ay may lehitimong pangkalakalang relasyon, tulad ng OEM, lisensiya sa pagyari/paggawa, Sales Consignment, pagsososyo o pangteknolohiyang pagsososyo o yaong nasa proseso na ng negosasyon para sa katuparan ng gayong usapang-pang-negosyo.

2.2 Kahit na sa mga nabanggit na kaso, ang mga diskusyon/usapan ay dapat na limitado lamang sa mga kaugnay na negosyo at ang pakikipagpalitan ng iba pang impormasyon ay dapat na iwasan. Karagdagan, ang mga sales personnel ay di-pinahihintulutang dumalo sa mga nabanggit na pagpupulong maliban kung may lehitimong pangkalakalang pangangailangan.

2. Paglahok sa mga Samahang-Pangkalakalan

2.1 Ang paglahok sa mga samahang-pangkalakalan ay limitado lamang doon sa mga nasa talaan ng Fair Trade Commission (para sa mga samahan ng Japan), at ang mga layunin at detalye ng mga gawain ay maliwanag na nakasaad sa kombensyon ng nasabing samahan at ito ay ganap na umaalinsunod sa Antitrust Act. Ang pakikisangkot sa mga impormal na organisasyon at pakikipagpulong sa mga kalabang kompanya ay kailangang iwasan.

2.2 Ang detalye ng mga pag-uusap sa mga samahang pangkalakalan ay limitado doon sa kung ano lamang ang punto at layunin ng mga pagpupulong at dapat iwasan ang pagpapalitan ng iba pang impormasyon. Bilang karagdagan, ang mga sales personnel ay pinagbabawalang dumalo sa mga pulong maliban

na lamang kung may lehitimong pangkalakalang pangangailangan.

2.3 Ang detalye ng mga pag-uusap ng mga samahang-pangkalakalan ay limitado lamang sa mga sumusunod na gawain at hindi mauuwi sa kasong kartel at ang mga ito'y magdudulot ng layuning panlipunan at pampubliko. (Para sa ibayong detalye mangyaring sumangguni sa "Guidelines Concerning the Activities of Trade Association Under the Antitrust Law, Fair Trade Commission of Japan").

- Pagtatatag ng isang pangkalahatang espisipikasyon at pamantayan batay sa layuning panlipunan at pampubliko tulad ng tungkol sa kalikasan at kaligtasan.
- Pagsasagawa ng mga pakikipag-ugnayang pampubliko at pagpapakalat ng mga gawaing may layuning mapabuti ang kalagayan ng industriya, pagtataguyod sa mga pangangailangan at pagbibigay-impormasyon tungkol sa mga tamang paggamit ng mga ito.
- Pangongolekta at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga dating gawaing-pangnegosyo upang maunawaan at maipakalat ang mga impormasyong ito hinggil sa mga matagumpay na nagawa ng industriya. Subalit tandaan, iwasang manguha ng mga impormasyong may kinalaman sa pangkasalukuyan at panghinaharap na kita o bentahan o mga balak na pamproduksiyon, o maging ang pakikiisa sa mga ganitong uri ng gawain.
- Pagpapahayag ng opinyon o pakikiusap sa mga lokal at pambansang pamahalaan.

**II. Kung makikipagpulong sa mga kalabang kompanya o sa mga samahang-pangkalakalan, ang sinumang magsasagawa nito ay kailangang humingi muna ng pahintulot sa mga superbisor.**

**III. Ang mga detalye ng pag-uusap, pagpuulong at mahahalagang pagpapalitan ng opinyon ay kailangang nakatala.**

**IV. Ang paglahok sa mga gawain (tulad ng pagsasalu-salo sa pagkain, pagsososyalan, sama-samang paglalakbay at paglalaro ng golf) upang makipagtalamitan sa mga kalabang kompanya ay kailangang lubhang limitahan o bawasan. Kung hindi maiiwasan ang paglahok sa mga ganitong gawain, ang empleyadong kasangkot ay kailangang sumunod sa pamantayan bilang II at III sa itaas:**

1. Kung makikipagpulong sa mga kalabang kompanya, ang kasangkot na tauhan ay kailangang ipaalam ang mga layunin nito, ang mga punto ng pag-uusap, ang talaan ng mga kalahok sa superbisor at hingin muna ang kanyang pahintulot. Maaaring kanselahin ng superbisor ang nasabing pulong kung inaakala niyang iyon ay hindi kailangan o nakitaan kaya ng paglabag sa Pamantayan blg. I sa itaas. Ang pakikipag-ugnayan sa mga kalbang kompanya bago o matapos ang pagbabagong presyo/halaga ay dapat na iwasan maliban kung may lehitimong pangangailangang-pangnegosyo batay sa ugnayang-pangkalakalan sa kasangkot na kompanya. Kung matutuklasang may kahirapang gumawa ng pansariling desisyon, kumunsulta kaagad sa Legal Department.

2. Kung ang kompanya ang siyang punong-abala sa pagpupulong, sila ang dapat na maghanda ng puntong pag-uusapan (agenda) nang maaga at tiyaking walang ibang paksang madaragdag sa pag-uusap maliban doon. Kung sakaling ang mamamahala sa pulong ay ang ibang samahang-pangkalakalan, mangyaring pakiusapan sila na maghanda muna ng puntong-pag-uusapan o agenda.

3. Kailangan ang talaan ng pagpupulong kung sakaling may pagdududa na tayo'y may kinalaman sa kartel. Tiyaking naitala ang petsa, ang mga kalahok, ang paksa ng pagpupulong at ang mga ito'y ingatan upang di-mawala o masira. Kung walang maiiwang talaan ng pagpupulong, magiging napakahirap harapin at sagutin ang mga pambibintang tungkol sa pagkakasangkot sa kartel. Samakatuwid, tiyaking ang lahat ng impormasyon ay batay hindi lamang sa mga usapan kundi sa mga dokumentong tulad ng mga facsimile o e-mail, at ang mga rekord na ito'y importanteng ligtas sa pinagtataguan o kinalalagyan, Kung may mga diskusyon na pinaghihinalaang may paglabag a Antitrust Act, tiyaking makapagpadala ng isang kopya ng rekord sa Legal Division.

4. Ang pagsasagawa ng mga sosyal na pagtitipon ng mga magkakalabang kompanya pagkatapos ng pagpupulong tulad ng mga year-end parties, paglalaro ng golf at mga paglalakbay ay isang napaka-delikadong salik upang mapagdudahang may nabuong kartel. Matapos masuring mabuti ang pangangailangan, ang panganib na mapasangkot sa kartel at ang tamang panahon, yaon lamang mga importante ang dapat daluhan. Sa ganitong kaso, ang kasangkot na tauhan ay dapat na humingi muna ng pahintulot sa superbisor at magkaroon ng rekord kahit sa mga gawaing-pansosyal lamang.

5. Ang Legal Division ay dapat na palaging suriin at tiyaking ligtas at mabuti ang pinaglalagyan ng mga talaan o rekord at nilalaman ng mga ito.

**V. Kung sakaling masangkot at mapagdudahang kabilang sa kartel, tiyaking maliwanag na maipahayag ang inyong posisyon, na may mga katibayan, na kayo at ang inyong kompanya ay hindi kailanman masasangkot sa anumang kartel.**

1. Kung may mga impormasyong maipakikita sa pagpupulong tungkol sa presyo, dami at bilis ng produksyon o kita atbp., ang kalahok na tauhan ay kailangang malinaw na magpahayag na ang inyong kompanya ay hindi kailanman lumahok o nasangkot sa anumang kartel at matapos hilinging maisama sa talaan ng pagpupulong ang binitiwang pananalita, lumabas at iwan ang pagpulong. Pagbalik sa inyong kompanya, ipaalam kaagad sa superbisor ang naganap at kumunsulta sa Legal Department.

2. Kung magkakasabay na ipinaaalam ang impormasyon tungkol sa presyo o sa bidding sa pamamagitan ng media tulad ng facsimile, e-mail o telepono, ang kasangkot na tauhan ay dapat na magreport sa Legal Department, bukod pa sa pagpapahayag ng protesta sa mga kinaukulan sa pamamagitan ng dokumento o pagpapahayag na "ang aming kompanya, kailanman ay di-nasangkot sa paglabag sa Antitrust Law at nakikiusap kami sa inyo na tigilan na ang pagpapadala ng mga ganoong impormasyon" at itala kung ano ang mga naganap.

- Maitatatag ang kartel kahit sa pamamagitan ng pag-uusap lamang o pahiwatig na pagpayag (tacit consent)
- Kahit na ikaw ay wala sa pulong, kung ang kasunduan ay ipinaalam sa atin at sinunod naman ang mga detalyeng binanggit, maituturing nang paglabag iyon sa batas dahil sa pagbibigay ng "implied consent" o pahiwatig na pagpayag.
- Kahit na ikaw o ang inyong kompanya ay di-sangkot sa anumang kartel, kung may malabo naman kayong paninindigan tungkol dito, maituturing din tayong kasangkot o may kinalaman dito.

# 3 Kalusugan at Kaligtasan sa Pook Pagawaan (Patakaran 3)

Tayo ay may pananagutan sa kaligtasan ng lahat ng manggagawa, panauhin ng pasilidad ng ating pabrika at sa ating mga kalapit-bahay.

Tayo ay sumusunod sa lahat ng kaukulang batas at panuntunan ng kompanya na nauukol sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

Tayo ay nagsusumikap para sa patuloyy na pagtaas ng antas ng kaligtasan at kalusugan ng kapaligiran at ng ating pook pagawaan.

Isa sa ating mga kabahaging pagpapahalaga - "KAPALIGIRAN" na nakapaloob sa AGC Group Vision ***"Look Beyond"***- ay kabilang ang patuloy na pag-unlad sa ligtas at  malusog na kalagayan sa pook gawaan.

Tungkulin natin na isaalang-alang ang kaligtasan ng ating mga manggagawa at mga nasasakupang komunidad.

Dapat namin nagsusumikap upang mapanatili at mapabuti ang nagtatrabaho kapaligiran sa pamamagitan ng naaangkop na mga patakaran ng AGC kalusugan at kaligtasan. Halimbawa, ang mga sumusunod ay kinakailangan:

- Walang Trabaho kung ang kaligtasan ay walang kasiguruhan. Pinapanatiling nasa isipan natin ito sa lahat ng sandali habang tayo ay gumagawa ng ating trabaho.
- Hindi tayo nagdadalawang isip na patigilin ang trabaho upang makaiwas sa sakuna.
- Tayo ay mapagmasid sa mga simbolong pangkaligtasan at pagsusuot ng gamit pangkaligtasan.
- Tayo ay nararapat na lubusang mangasiwa ng mga mapanganib na materyales katulad ng kemikal.
- Ating tinitiyak na ang pasilidad ng ating pabrika ay malaya sa mga nakalalasing na inumin at mga ipinagbabawal na gamot. Ang kompanya ay maaring magtakda ng pagsusuri na panglaboratoryo upang malaman o matukoy ang isang pinaghihinalaang lumabag sa alituntunin na ito, na pinahihintulutan naman  ng lokal na batas.
- Tayo ay nagsasagawa ng mga pagsusuri at pagngangalaga batay sa mga patakaran at alituntunin ng kompanya, gayundin na rin ang mga naaangkop na batas, upang maiwasan ang mga aksidente.

Kapag magkaroon man ng sakuna, binibigyan natin ng mataas na prayoridad ang pagtatanggol sa mga tao at pagliligtas ng buhay at maagap na aksyon upang maiwasan at malimitahan ang mga pinsala.

Ang kompanya ay may mahigpit na patakaran para sa kaligtasan sa pook gawaan, batid nila ang panganib kaalinsabay ng paggawa ng mga produkto at ang mga prosesong kailangan sa operasyon ng negosyo.

Bilang karagdagan sa mga local na alituntunin sa kaligtasan, ang batas sa paggawa sa Pilipinas ay nagpapatupad ng mga pamantayan sa kaligtasan-pang-manggagawa.

Bilang isang pangunahing bahagi ng aming pangako para sa isinusulong na kaunlaran, ang kompanya ay nagsasagawa ng mga palatuntunan sa bahagi ng kalusugan at kaligtasan. Nililinang din ng kompanya ang pagpapalitang-impormasyon tungkol sa kalusugan at ligtas na kalagayan sa paggawa, pinagmulan at uri ng mga sakuna at mga hakbangin sa pag-iiwas sa mga ito.




**Q:** Habang nagtatrabaho sa aking pabrikang AGC, nakasaksi ako ng isang kapwa manggagawa na hindi wastong nagkukumpuni ng isang bahagi ng makina na hindi pinapatay ang daloy ng kuryente patungo sa nasabing makina. Ako ay nag aalala na, sa kanyang hindi pagsunod sa mga alituntunin ng proseso ng pagkukumpuni, inilalagay ng kapwa ko manggagawa ang kanyang sarili at iba pang manggagawa sa isang kapahamakang maaaring magdulot ng pagkasugat na sanhi ng kuryente o pagkasunog o pagsabog. Ano ang dapat kong gawin?

**A:** Dapat mong bigyan ng babala ang manggagawa at agad na ipagbigay alam sa iyong pinuno, kasunod nito ang iba pang kailangan na maaring magamit nito. Dahil ang kaligtasan ay ating pangunahing na priyoridad, kritical na matukoy ang sitwasyon na ito at kailangang magawan ng agarang solusyon.



# 4 Kapaligiran (Patakaran 4)

Kami ay nangangako sa pagsunod sa lahat ng mga batas na kaugnay sa kapaligiran.

Sa lahat ng mga gawain ng kompanya, kabilang ang teknolohikal na pag-unlad, pagpaplano, disenyo, produksyon, pagbebenta at pangangasiwa ng mga produkto, nagsusumikap kami upang pangalagaan ang kapaligiran.



Tulad ng nabanggit sa ilalim ng Patakaran-3 sa itaas, ang "KAPALIGIRAN" ay isa sa apat na kabahaging pagpapahalaga na tinutukoy sa AGC Group Vision na ***"Look Beyond"***. Tayo ay nagsusumikap na mapangalagaan ang kapaligiran at ituloy ang mga kasanayan sa negosyo na tumutulong sa pangangalaga nito. Naiintidihan ng AGC Group na ang isang malusog na kapaligiran ay nagdudulot ng benepisyo sa aming mga namumuhunan at nagdudulot ng pagkakataon para sa amin na maipagpatuloy ang aming negosyo. Sa layong iyon, tayo ay nagsusumikap na maging responsable sa ating kapaligiran sa bawat yugto ng pagguhit, paggawa at pamamahagi ng ating mga produkto. Mayroon kaming tungkulin na patuloy na masuri at mapabuti ang aming mga proseso-sa pamamagitan ng pagbawas ng pagdami ng basura at maiwasan ang potensyal na panganib na epekto ng aming mga operasyon. Hinihikayat namin ang aming mga kasosyo sa negosyo upang gawin rin ito.

Bilang karagdagan, nakasentro ang aming pagsusumikap sa pagbuo ng mga produkto na makakabuti sa kapaligiran.

Ang kompanya ay nagpapatibay sa pandaigdig at local na pamantayang pangkalikasan.

Sumusunod kami at tumatangkilik sa pandaigdig na patakaran, sumusunod din kami sa mga pamantayang pangkalikasan na maaaring hilingin ng aming mga suki o kostumer.

Batas ng Kapaligiran:  Ang Republic Act 9729 na may titulong Pagbabago ng Klima ng 2009 ay ipinasa na. Ang batas na ito ang  naglikha ng Climate Change Commission na nakapokus sa pagbabago ng klima kung saan ay tinukoy bilang isang pagbabago sa klima na maaaring malaman sa pamamagitan ng pabagu-bago ng mga pag-aari nito at nagpapatuloy sa matagal ng panahon na karaniwang dekada o higit pa, maging dahil sa likas na pabagu-bago o bilang isang resulta ng aktibidad ng tao.

Q&A

**Q:** Kamakailan ay  inalis ko ang lahat ng mga hindi na kailangang dokumento bilang bahagi ng aming 5P. Naka-ipon ako ng maraming papel na puwede nang itapon. Maaari ko bang gamitin ang mga ito bilang "scratch papers"?

**A:** Oo.  Ito ay bahagi ng ating aktibidad sa recycling. Tiyakin lamang na ang mga papel na ito ay sa loob lamang ng pagawaan gagamitin. Kung ang papel ay kumpidensyal,  ang mga ito ay dapat  gutay-gutayin.



# 5 Paggalang sa Tao (Patakaran 5)

Iginagalang namin at pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba ng mga tao.

Hindi namin hinahayaan ang pisikal na karahasan o panggigipit ng anumang uri.

Hindi namin pinahihintulutan ang pagtatrabaho ng mga bata at sapilitang paggawa.

Pinoprotektahan namin ang kumpidensyal na personal na impormasyon ng lahat ng mga empleyado.

Ang "PAGKAKAIBA-IBA" ay isa sa apat na kabahaging pagpapahalaga na tinutukoy sa AGC Group vision ***"Look Beyond"***.

Tinitiyak ng lahat ng kompanya ng AGC Group na ang bawat isa ay nakakatanggap ng pantay na pagkakataon para magtagumpay batay sa kakayahan. Hindi kami nagtatangi sa kaninuman batay sa lahi, pagiging katutubo (ethnicity), relihiyon, lipi, kasarian, pagiging baldado o iba pang legal na protektadong grupo.

Ang pisikal na karahasan o panggigipit sa anumang paraan ay isang uri ng masamang asal at salungat sa isang magalang na kapaligiran sa trabaho. Ang panggigipit ay maaaring isagawa ng mga superbisor o ng iba pang mga empleyado. Maaaring ito ay pisikal, pasalita o nakasulat. Maaari itong maging sekswal o hindi.

Hindi kami gumagamit ng mga bata o sapilitang paggawa sa aming pandaigdigang operasyon o pasilidad. Ganap naming iginagalang ang lahat ng mga naaangkop na mga batas na may kinalaman sa karapatan ng mga manggagawa. Aming inaasahan na ang lahat ng kompanya na aming kanegosyo ay sumusunod din sa lahat na mga naaangkop na batas.

Ang bawat kompanya ay kinikilala ang natatanggap na impormasyon mula sa mga empleyado nito tungkol sa kanilang sarili na personal at kumpidensyal. Maaaring tungkol ito sa kanilang pagkakakilanlan at tirahan, sahod, mga benepisyo, usapin sa kalusugan ng indibidwal at pamilya at iba pang mga personal na pangyayari. Ang kumpanya ay gumagamit ng naturang impormasyon lamang para sa mga naaangkop na mga layunin na kaugnay sa kanilang mga. Ang kompanya ay ginagamit lamang ang naturang impormasyon para sa mga naaangkop na mga layunin na may kaugnayan sa kanilang trabaho.

Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa anumang bagay na na-obserbahan o naranasan tungkol sa mga nabanggit sa itaas, huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa iyong tagapangasiwa o anumang Compliance Resources na nakalista sa pahina 56.

Mahigpit naming tinututulan ang pagtatangi o diskriminasyon at anumang uri ng paglabag sa karapatang pantao.

Republic Act ("RA") 7877 or Anti-Sexual Harassment Act of 1995;
RA 6725 (May 12, 1989) – Pagpapalakas sa Pagbabawal sa Diskriminasyon laban sa Kababaihan; at
RA 7610 (June 17, 1992) – Tanging Proteksyon para sa kabataan laban sa Pang-aabuso at Batas sa Diskriminasyon.

Susunod kami sa mga batas na ito at sa iba pa na maaring isabatas.

**Q:** Kamakailan ay nag-umpisa akong magtrabaho sa AGC bilang probationary. Bago sa aking regularization, ang aking mga superbisor at kapwa-empleyado ay nagsabing ilibre ko sila ng pananghalian bilang pagsisimula ko sa departamento. Kung hindi, sinabi nila na ang aking mga papeles para sa regularization ay maaring hindi pirmahan at maaprubahan. Ito ba ay isang anyo ng panggigipit?

**A:** Oo. Ang panggigipit ay maaaring sa ibang anyo at hindi kinakailangang sekswal. Sa kasong ito, ang empleyado ay minamanipula na gawin ang isang bagay na hindi kailangan g gawin bilang bahagi ng kanyang regularization.





# 6 Kalidad at Kaligtasan ng mga Produkto at Serbisyo (Patakaran 6)

Nag-uukol kami ng tamang konsiderasyon o pagsasaalang-alang sa kalidad at kaligtasan ng aming mga produkto at serbisyo.

Hindi kami nanghuhuwad, nagbabago o nambabaluktot ng resulta ng kalidad ng produkto o datos sa mga pagsusuri.





Pinagkakatiwalaan tayo ng ating mga kustomer na magbigay ng mataas na kalidad na mga produkto at serbisyo, at ang tagumpay ng AGC Group ay nakasalalay sa aming pangako na mapanatili ang tiwalang ito. Sa kadahilanang ito,  kailangan nating tiyakin na ang mga produkto na aming ibinebenta at mga serbisyong binibigay ay ligtas, sumusunod sa mga naaangkop na batas at patuloy na matugunan o malampasan ang mga pamantayan na itinatag ng ating kompanya at mga ispisipikasyon na napagkasunduan sa mha kostumer. Upang gawin ito, kailangan nating bigyan pansin ang kaligtasan at kalidad sa bawat hakbang sa siklo ng buhay ng aming mga produkto. Para gawin ito, kailangang mabigyan ng pansin sa kaligtasan at kalidad sa bawat hakbang at life cycle ng aming mga produkto. Kung kayo’y maghahanda ng manwal, tiyaking maisama ang mga nararapat na mga pagunitang may kinalaman sa pag-iingat upang maiwasan ang potensyal na maling paggamit at ipaliwanag ang ligtas at tamang paggamit ng produkto.

Kung mayroon tayong matutuklasan na alinmang produkto o serbisyo ng AGC Group na maaaring maglagay sa panganib sa buhay o pag-aari ng mga kostumer, dapat na agad at responsableng tugunan ang bagay na ito at mapanatili/manumbalik ang tiwala ng mga apektadong kostumer. Upang maiwasang maulit muli ang mga ganoong suliranin, mahalagang suriin o imbestigahan ang ugat na dahilan at magsagawa ng mga pantumpak na mga aksyon.

Gumagawa kami ng mga produktong umaalinsunod sa mga Pamantayan ng Pilipinas (PS).

Ang RA 7394 o Consumer Act of the Philippines ay tumitiyak sa karapatan ng mga gumagamit o mamimili ng mga produkto laban sa mga maling Gawain ng mga tagagawa at tagapamahagi ng mga produkto. Dahil dito, ang mga batas ay nag-uutos na magkaroon ng mga makalidad na produkto at makatarungang gawaing-pagbebenta para sa proteksyon ng bayang-mamimili o gumagamit ng mga ito.



**Q:** Napansin ko na ang isa sa aking mga katrabaho ay hindi sumusunod sa mga napapgkasunduang ispisipikasyon upang masiguro na ang mga produktong ginawa sa aming pasilidad ay tumutugma sa mga pamantayan sa kalidad. Hindi ako sigurado kung ako, bilang isang bagong empleyado, ay dapat magsalita ukol dito. Hindi ko nais na saktan ang kanyang damdamin. Ano ang dapat kong gawin?

**A:** Kinakailangang ibahagi mo ang iyong alalahanin sa iyong manager kaagad. Binibigyan natin ng mataas na halaga ang kalidad ng ating mga produkto upang matupad natin ang inaasahan ng ating mnga kostumer at maprotektahan rin ang kanilang kaligtasan. Dahil ang kalidad at kaligtasan ng aming produkto ang pinakamahalaga sa lahat, ang iyong ulat ay makakatulong sa kompanya upang mapanatili ang halaga at reputasyon. Huwag mabahala dahil hindi ka makakaranas ng paghihiganti dahil sa pag-uulat mo nang katotohanan.

**Q:** Isang problema sa shipping ang naging dahilan upang maging kulang ang dami ng materyales para matugunan ang isang order. Nang tanungin ko ang aking manager kung paaano malulutas ang sitwasyon, sinabihan niya ako na palitan na lang ang materyales na nakasaad sa kontrata ng ibang produkto na may kapareho rin na kalidad. Sinabi ng aking manager na kaya naman balewalain ang diperensyang ito at mas hindi ito makakaapekto sa relasyon natin sa kostumer kung hindi susundin ang kontrata kumpara sa pag-deliver ng produkto na wala sa oras. Totoo ba ito?

**A:** Hindi. Hindi nararapat. Mas mahalaga una sa lahat na ipabatid sa kostumer ang isyu kaagad at kunin ang pahintulot nito bago gumawa ng kahit na anong pagpapalit o kung hindi man, pab-iiba sa kontrata ng kostumer. Kung binigyan tayo ng kostumer ng pahintulot na magawa ang nararapat na pagpapalit, ay saka pa lamang natin maaaring ipatupad ang aksyon na iminungkahi ng manager. Gayunpaman, hindi natin dapat subukan na linlangin ang ating mga kostumer sa pamamagitan nang hindi pagpapabatid sa kanila ng pagbabago sa ating napagkasunduan.

# 7 Mga Ulat at Talaan (Patakaran 7)

Matapat naming itinatala, iniuulat at ipinapahayag ang mga impormasyon upang ang ating mga talaan ay sumasalamin sa katotohanan.

Tayo ay sumusunod sa mga batas sa pananalapi, talatuusan (accounting) at patakaran sa buwis at gayundin sa mga patakaran at alituntunin ng Kompanya sa Talatuusan.

Mahalaga ang wastong pag-uulat sa mga kompanya ng AGC Group upang makagawa ng wastong desisyon at makapagbigay ng tamang impormasyon sa lahat ng mga namumuhunan at pangkalahatang publiko. Hindi natin dapat kailanman manipulahin ang mga datos at talaan sa kahit anumang kadahilanan, kahit na ito ay iniutos pa ng iba. Ito ay kasing halaga ng hindi pagtatago o pagsisira ng di magandang impormasyon. Ang katapatan ay ang laging pinakamahusay na patakaran.

Sa larangan ng pananalapi, talatuusan (Accounting) at buwis, ang mga kompanya ng AGC ay may tungkuling sumunod sa lahat ng mga batas at mga pamantayan ng talatuusan sa paghahanda at paglalabas ng tamang talaan ng pananalapi at buwis. Ang paghahanda at pagpapanatili ng wasto at tapat na mga talaan ng transaksyon ay kailangan upang magampanan ang tungkulin sa pag-uulat ng AGC Group at sa paggawa ng nararapat na mga desisyon ng mga namamahala. Tayo ay sumusunod sa lahat ng mga alituntunin ng AGC Group sa pagpapanatili ng talaan na may kinalaman sa pagbili, pamamahala sa imbentaryo at pagbenta-upang maayos na maipakita ang tunay nitong kalagayan. Walang kompanya ng AGC Group o sinumang empleyado ang maaaring mag-alis, sumira o magbago ng anumang talaang pananalapi ng kompanya, talatuusan o iba pang talaan kung sa paggawa nito ay isang paglabag sa anumang naaangkop na batas o mga patakaran/alituntunin ng kompanya. Ang mga impormasyong pananalapi ay dapat maayos na pamahalaan at ibinabahagi lamang ng mga taong nararapat.

Halimbawa, hindi tayo nag-uulat ng mga di-totoong pagbili, pagbenta o imbentaryo o paggawa ng mga hindi makatotohanang mga ulat ng gastos, o hindi sinasadya na mga tala ng mga gastos o kita sa maling panahon.

Tayo ay may tungkulin na magbigay ng lahat ng mahahalagang impormasyon at makatuwirang tulong sa panloob at panlabas na mga tagasuri nang sa gayon ay magampanan nila ang kanilang tungkulin.



Sumusunod  kami sa lahat ng mga batas, tuntunin at mga regulasyon sa isang makatuwirang pag-uulat sa pananalapi, kasama, ngunit  hindi limitado sa Rule 68, (amended), ng Securities Regulation Code, na nagtatakda na ang mga  ulat ay kailangang umaalinsunod sa Philippine Financial Reporting Standards.

## Q&A

**Q:** Isa ako sa mga empleyado sa Accounting ng AGC. Tinanong ako ng isa sa mga namamahala na gumawa ng maling talang pinansyal ng kanyang sahod upang mababang buwis ang kanyang bayaran. Ito ba ay pinapayagan?

**A:** Hindi. Dapat nating tandaan na hindi tayo dapat gumawa ng maling pag-ulat na pinansyal ng kompanya o sinuman sa mga empleyado nito. Ito ay nangunguhulugang di pagsunod sa nararapat na batas ng kompanya. Hindi rin dapat na gumawa ng maling ulat sa pananalapi, sinuman ang nag-utos sa iyo na gawin ito.



# 8 Panloob na Pakikipagkalakalan (Patakaran 8)

Hindi kami nakikipagkalakalan sa alinmang kompanya ng AGC o iba pang kompanya na sa pagsasagawa nito ay lalabag kami sa mga itinakda ng panloob na pakikipagkalakalan.




Ang pagbili o pagbenta ng ipinaalam na kaparte (publicly-traded shares) batay sa mahalagang  panloob na di-pampublikong impormasyon tungkol sa AGC o ibang kompanya na makakaapekto sa magkakabahaging presyo, ang pagrerekomenda ng ganito sa iba o ang pagbubunyag ng di para sa pampublikong impormasyon ay maaaring maging illegal at di-tama sa panloob na pakikipagkalakalan.

Dahil ang Asahi Glass Co., Ltd. at iba pang kompanya ng AGC Group ay  mayroong "securities" na pampublikong kinakalakal, dapat na mapamahalaan ng maayos ang kahit na anumang panloob na impormasyon na hindi ipinaaalam sa publiko na maaari mong malaman sa pagtupad nga mga Gawain sa trabaho. Ganoon din naman sa panlabas  ngunit di pampublikong impormasyon tngkol sa iba pang kompanya ipinaaalam na kaparte (public-traded companies) – tulad ng mga kostumer at tagapagtustos – na maaari nating malaman habang namamasukan sa ngalan ng AGC Group.

Ilan sa mga halimbawa ng mga panloob na impormasyon ay ang mga sumusunod:

- Impormasyong pananalapi
- Pagsasaliksik at pagpapaunlad-kaugnay na impormasyon na patungkol sa mga bagong produkto o teknolohiya
- Impormasyon sa mga pagbili, pagsasangay o bagong pagpapatakbo ng negosyo

Dahil ang paglabag ng mga batas ng panloob na pakikipagkalakalan ay maaaring magresulta sa criminal at sibil naparusa para sa mga indibidwal at mga kompanya, kung mayroon kang anumang alalahanin tungkol sa isang  potensyal na pakikipagkalakalan ng securities na maaaring lumabag sa batas na panloob na pakikipagkalakalan, dapat kang makipag-ugnay sa AGC Group Investor Relations Department o anumang Mga Mapagkukunan ng Pagsunod na nakalista sa pahina 56 sa itaas.



Sa Pilipinas, ang RA 8799 o Securities Regulation Code ay nagbabawal sa panloob na pakikipagkalakalan o "insider trading."

**Q:** Ako ay bahagi ng research and development team na nangangasiwa ng impormasyon tungkol sa isang bagong produkto na ilulunsad susunod na buwan. Habang nasa isang pagtitipon, ako ay tinanong ng isang kasamahan kung totoo ang balita na mayroon bagong produkto na ilalabas ang kompanya. Kalaunan naman ay malalaman din nila sa mga susunod na araw. Sasabihin ko ba?

**A:** Hindi. Dapat hintayin ang tamang oras at tamang lugar upang sabihin ang anumang impormasyon sa mga taong dapat pagsabihan lamang. Tiyakin na anumang pananaliksik na ginawa mo ay kumpidensyal at hindi kailanman dapat ibunyag sa publiko hanggang sa tamang panahon.



# 9 Ari-arian ng Kompanya at Third-Party at Lihim na Impormasyon (Patakaran 9)

Buong husay naming pinamamahalaan,ginagamit at pinag-iingatan ang mga pag-aaring nahahawakan o di-nahahawakan (tangible & intangible).

Ang mga lihim na impormasyon at iba pang pag-aaring pangkaisipan (intellectual property) ay mga napakahalagang ari-arian na aming matamang pinapangalagaan.

Iginagalang naming ang mga lihim na impormasyon at pag-aaring pangkaisipan ng third-parties.



Mayroon tayong tungkulin na pangalagaan ang lahat ng ari-arian ng kompanya. Kabilang na rito ang mga nahahawakan (tangible) tulad ng lupa, mga gusali, makinarya, imbentaryo, computers at salapi, pati na rin ang mga di-nahahawakan ari-arian tulad ng lihim na impormasyon, patents, trademarks, copyrights at computer software. Lahat ng mga ari-ariang ito, nahahawakan o di-nahahawakan, ay dapat na maayos na pinamamahalaan, ginagamit at pinag-iingatan. Sa pangkalahatan, dapat rin na limitahan ang paggamit ng ari-arian ng kompanya sa pangangailangan para trabaho lamang, maliban kung may pahintulot na kompanya. Halimbawa nito ay ang limitasyon sa paggamit ng computers para sa personal na interes.

Ang hindi wastong pagsisiwalat ng kumpidensyal na impormasyon ay maaaring magdulot na malaking pinsala sa ating kompanya at, sa ilang mga kaso, sa iba pang mga kumpanya na kung saan at indibidwal kung kanino tayo nagnenegosyo. Samakatuwid, ang bawat kompanya ay mayroong mga patakaran sa seguridad ng kanilang impormasyon na dapat mahigpit na ipatupad. Hindi dapat ibunyag ang lihim na impormasyon kung hindi kailangan sa negosyo at walang pahintulot – ikaw man ay empleyado pa o hindi na ng kompanya. Kailangan din ang mahigpit na pangangalaga ng impormasyon sa pamamagitan ng maayos na pamamaraan ng proteksyon sa computer, mga



**Q:** Nakatanggap ako ng tawag mula sa dating empleyado ng AGC Group. Hiniling niya sa akin na ipadala sa kanya ang isang kopya ng isang partikular na proposisyon na naglalaman ng mga lihim na impormasyon na siya ang gumawa noong siya ay nagtrabaho pa sa AGC. Sinabi niya na gagamitin lamang ito bilang gabay para sa kanyang ginagawang proposisyon para sa kanyang bagong kompanya. Maaari ko po ba itong ipadala kanya?

**A:** Hindi. Ang naturang proposisyon ay pag-aari ng AGC Group at ang kumpidensyal na impormasyong ito ay hindi maaaring ibunyag sa kahit kaninuman na nasa labas ng kompanya, kahit na siya pa ang gumawa ng proposisyon nung siya ay empleyado pa ng AGC.

dokumento at iba pang sensitibong mga bagay. Sa karagdagan, iwasang talakayin ang naturang impormasyon sa mga lugar kung saan maaaring may makarinig, kabilang ang mga restaurant, banyo, tren, eroplano o elevators. Gayundin, maging maingat sa paggamit ng social media, blog, forum at iba pa. Dapat laging tandaan na ang mga elektronikong mensahe ay permanente, at madaling maililipat na maaaring lubhang makaapekto sa mga interes ng kompanya at maging sanhi ng pinsala sa iba.

Kailangang din nating maunawaan na ang kompanya ay may kalayaang siyasatin at higpitan ang paggamit ng mga ari-arian nito at gumawa ng mga kaukulang patakaran  upang masunod ang mga itinakda ng batas. Maaari nitong hilingin sa mga empleyado ang suporta at tulong sa makatuwirang pamamaraan upang protektahan ang mga mahalagang gamit ng kumpanya. Hindi dapat ang labag sa katuwirang pagkuha, pagbunyag o paggamit ng kumpidensyal na impormasyon na ibang kompanya o indibidwal.

Kung nakuha mo ang kumpidensyal na impormasyon ng iba bago ka maging emplleyado ng AGC, ikaw ay inaasahang hindi ibunyag ang naturang impormasyon sa iyong kompanya o sa iba habang ikaw ay nagtatrabaho sa AGC Group.

# 10 Pagkakasalungatan ng Kapakanan (Patakaran 10)

Sa pakikitungo sa kasalukuyan o sa posibleng maging kostumer, tagatustos (supplier), kalaban sa negosyo at ibang partido, tayo bilang empleyado ay dapat na kumilos ayon sa interes ng kompanya at hindi para sa pansariling kapakanan o interes ng pamilya o malalapit na kaibigan.



Ang pagkakasalungatan ng mga kapakanan ay nangangahulugan ng isang sitwasyon kung saan ang pansariling kapakanan (kabilang ang mga interes ng miyembro na pamilya at malalapit na kaibigan) ay salungat o maaaring maging salungat sa tungkulin sa trabaho. Sa ganitong sitwasyon, kinakailangan na bigyan ng prioridad ang misyon at interes ng kompanya at iwasang ang paggamit ng ating papel o posisyon sa kompanya para sa pansariling kapakanan o kumita para sa sarili, mga kamag-anak o malalapit na kaibigan.

Ipinababawal din ang pagkakaroon ng posisyon bilang kagawad ng lupon o tagapayo, o ang pagkakaroon ng maimpluwensyang tungkulin sa, isang kalaban sa negosyo, isang tagatustos (supplier) o isang kostumer ng AGC Group, maliban na lang kung pinayagan ito ng kompanya.

Dapat kang gumawa ng mabilis at buong pagsisiwalat sa pangasiwaan o sinuman sa Compliance Resources na nakalista sa pahina 56 ng Alituntunin kung saan isinasaalang-alang ang aktuwal o posibleng pagkakasalungat ng kapakanan.



**Q:** Kamakailan ay nagrekomenda ako ng isang kaibigan na humawak ng corporate give-aways. Hiningi ko ang pagpayag ng aking superbisor upang ipakilala siya sa grupong may hawak nito.  Pinayagan niya ako subalit hindi ako dapat manghimasok sa transaksyon.  Tinanong ako ng ak ing kaibigan kung maaari akong humingi na impormasyon tungkol sa presyo ng ibang posibleng suppliers at bibigyan niya ako ng komisyon. Ito ba ay isang posibleng pagkakasalungat ng kapakanan?

**A:** Oo. Malinaw na ginagamit mo ang iyong posisyon o katungkulan sa AGC para sa sariling kapakanan ng iyong kaibigan.

Halimbawa ng potensyal at aktuwal na pagkakasalungatan ng kapakanan:

- Pakikipagnegosyo o pagsasagawa ng negosyo sa isang kompanya o tao kung saan ikaw o sinuman sa iyong kamag-anak o malalapit na kaibigan ay kontrolado o may hawak na mataas na katungkulan. apakanan.
- Paggamit ng impormasyon o oportunidad sa negosyo na nakuha bilang resulta ng iyong tungkulin sa AGC Group para sa sariling kapakanan o ng iba, kabilang ang mga tagatustos (supplier), kakumpitensya at iba pa na hindi dapat makatanggap ng ganitong impormasyon o pagkakataon.
- Paggamit ng iyong posisyon o tungkulin sa AGC Group para sa iyong sarili, o sa pag-impluwensiya ng ibang empleyado, na pumasok sa isang kasunduan sa isang tagatustos, isang kasosyo o sinuman bilang resulta kung saan ikaw o, sinuman sa iyong mga kamag-anak o malalapit na kaibigan ang makakatanggap ng personal na benepisyo.

# 11 Handog at Libangan (Patakaran 11)

Hindi kami nag-aalok o nagkakaloob ng mga di-dapat na mga handog o libangan.

Hindi kami tumatanggap ng salapi o anumang iba pang mga personal na benepisyo na maaaring makaapekto sa aming kakayahan na magtrabaho para sa pinakamahusay na kapakanan ng kompanya.

Ginagalang namin ang mga patakaran tungkol sa libangan at handog ng aming mga kostumer at tagatustos (supplier) o ng aming nakakanegosyo at nagnanais na makanegosyo.




Ang palitan ng mga regalo o libangan sa negosyo ay nangangailangan ng ating sentido kumon at pinakamahusay na paghuhusga. Ang labis na regalo at gawaing-panlibangan ay nakakagambala sa normal na pakikitungong pangnegosyo at maglalagay sa panganib sa kalinawan ng mga transaksyon.

Hindi natin kailanman dapat tanggapin ang isang handog o libangan na maaaring makaimpluwensya sa ating paghuhusga. Hindi mo dapat tanggapin ang anumang libangan o handog (maliban sa limitadong halaga) mula sa isang tao na ikaw ay may transaksyon at hindi mo iniuulat sa iyong tagapamahala. Pinapayagan ang isang supplier o kostumer na sagutin ang bayad sa pagkain, kung ito ay sa isang makatwirang halaga at walang layunin na maimpluwensyahan ang desisyon na ginawa sa ngalan ng AGC Group.

Nasa patakaran rin natin na ang sentido kumon at kahinahunan ang pairalin sa pagbibigay ng mga handog at libangan sa kinatawan ng isang kompanya kung kanino tayo nakikipagnegosyo. Kung malaman natin na ang isang supplier o kostumer ay may patakaran tungkol sa mga handog at libangan, dapat na lagi sundin ang anumang naturang patakaran.

Laging tandaan na ang ilang mga bansa ay may hangganan sa pagbibigay ng libangan at handog sa mga pribadong kompanya, dahil maaaring ito ay ipakahulugan na ilegal na komersyal na panunuhol.

Bilang bahagi ng mga tradisyon sa Pilipinas, halimbawa'y kung panahon ng kapaskuhan, maaaring mamigay ng mga handog sa mga empleyado, kaibigan, kostumer at m ga kasamahan sa negosyo sa layuning lalo pang mapalawak at mapalago ang pakikipagkalakalan. Sa ganitong pagkakataon, ang pahintulot ng pangasiwaan ng kompanya ay kailangan.

**Q:** Kaarawan ko at nakatanggap ako ng cake at regalo mula sa isang tagatustos. Maaari ko ba itong tanggapin?

**A:** Oo. Basta hindi ito mahal at hindi makakaimpluwensya sa iyong pagdedesisyon tungkol sa kalakaran ng negosyo. Hindi nararapat ang mamahaling regalo sa anumang pakikipagugnayan sa negosyo dahil maaari itong makaimpluwensya ng desisyon. Kinakailangan rin na ipabatid sa iyong superbisor ang anuman na natatanggap mo mula sa tagatustos o sinuman sa mga ka-transaksyon mo sa negosyo.



# 12 Pakikipag-ugnayan sa mga Opisyal ng Pamahalaan at Pulitiko (Patakaran 12)

Hindi kami nagbibigay ng mga di-dapat tulad ng salapi o anumang mahalagang bagay sa mga pulitiko, samahang pampulitika o opisyal ng pamahalaan.



Bilang bahagi ng aming pangako sa matagumpay na negosyo sa tamang paraan, ang AGC Group ay hindi pahihintulutan ang panunuhol o katiwalian sa anumang anyo.

Ang panunuhol o katiwalian ay nangangahulugan ng tuwiran o di-tuwirang pagbibigay o pag-aalok ng isang hindi karapat-dapat na gantimpala na may intensyon ng maimpluwensya ang desisyon ng mga pulitiko at pampublikong mga opisyal upang makakuha o panatilihin ang isang komersyal na bentahe -nahahawakan o di-nahahawakan.

Ang panunuhol at katiwalian ay may iba't ibang anyo kabilang ang salapi o mga regalo sa isang indibidwal o miyembro ng pamilya, napakalaking komisyon, mga kasunduan sa pekeng pagkonsulta, hindi awtorisadong rebates at donasyon na pampulitika o kawanggawa. Ang "kickback" ay isang anyo rin ng katiwalian na may kinalaman sa pagbalik ng isang halaga na binayaran na o babayaran pa lang bilang isang gantimpala para sa awarding o pagkandili ng negosyo. Sa maraming kaso, ang pag-alok pa lamang ng anumang uri ng mga ganitong panunuhol o katiwalian ay labag sa batas. Ipinapataw rin ito sa mga banyagang pampublikong opisyal.

Ang parusa sa paglabag ng anumang mga batas na may kaugnayan laban sa katiwalian o politikal na mga aktibidad ay maaaring maging napakahigpit. Samakatuwid napakahalaga na kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga batas na ito, na tanungin ang pangasiwaan o makipag-ugnayan sinuman sa Compliance Resources na nakalista sa pahina 56 sa itaas - lalo na bago gumawa ng anumang mga desisyon kung alinman sa mga batas na ito ang maaaring ipataw.

## Pasalitasyon ng Pagbabayad

Kung ang pag-papasalitasyon ng pagbabayad ay sinisikap pigilin ng AGC Group, kung ito ay maiiwasan dahil sa mga pangyayari,  ang isang nominal na pagbabayad para pangasiwaan ang pagganap ng opisyal sa kanyang tungkulin ay maaaring pahintulutan sa napaka-limitadong pangyayari. Para mas maliwanag, ang "pasalitasyon ng pagbabayad" ay mga maliliit na bayad na binibigay sa mga opisyal upang mababilis ang nakagawiang mga pagkilos ng pamahalaan, tulad ng pagbibigay ng mga permits. Ito hindi kailanman kasama ang anumang desisyon ng opisyal ng pamahalaan na ipagkaloob ang bagong negosyo o upang magpatuloy ang negosyo sa kompanya. Ang mga ganitong uri ng pagbabayad ay nangagailangan ng paunang pagpayag ng pangasiwaan, na maingat na suriin ang ganitong pangangailangan tuwing hinihingi ang pagpayag. Lahat ng pagbabayad ay dapat na maayos na naitala ng kompanya.

Sumusunod kami sa mga batas ng Pilipinas laban sa korupsyon at kaparehong aktibidad katulad ng sumusunod:

RA 3019- Batas laban sa Anti Graft and Corrupt Practices
RA 6713 Alituntuning Kaasalan para sa mga Pampublikong Opisyal at Empleyado

**Q:** : Ako ay kasalukuyang nagsasagawa ng transaksyon sa AGC Group sa isang heograpikong lugar na kilalang nanghihingi ng suhol.  Dahil ito ay bahagi ng isang kultura ng pamantayan sa lugar na ito, maaari ba akong gumawa ng isang personal na pagbabayad sa isang lokal na pampublikong opisyal upang matiyak ang pakikipagnegosyo sa hinaharap para sa AGC Group?

**A:** Hindi, hindi ito maaari. Kahit na ikaw ay kinatawan ng AGC Group sa isang bahagi ng mundo na karaniwang gumagamit ng suhol kapag nagsasagawa ng negosyo, ikaw ay may tungkulin upang panindigan ang etikal na reputasyon ng AGC Group. Dapat natin pairalin ang integridad, kahit na ito ay magiging sanhi upang ikatalo sa negosyo. Kung ikaw ay hihilingin na magbayad ng suhol o ibang di-wastong pagbabayad, dapat mong tanggihan, at sabihin ang posisyon ng Pangkat laban sa katiwalian, at  dapat mong iulat ang mga pangyayari sa iyong pangasiwaan o anuman na Compliance Resources na nakalista sa pahina 56 sa itaas kaagad.

**Q:** Ako ay nagsasagawa ng mga transaksyon sa gobyerno bilang kinatawan ng AGC para kumuha ng lisensya, permit sa negosyo at iba pa. May mga pagkakataon na kailangang magbigay ng regalo, umaasa sa isang mabilis na transaksyon.  Tama ba na magbigay ng regalo sa ganitong sitwasyon?

**A:** Hindi. Ngunit kung sinasabi ng ating sentido kumon na hindi ito labas at sadyang kailangan  maaari itong pahintulutan ng pangasiwaan.

# 13 Pandaigdigang Kontrol sa Pakikipagkalakalan (Patakaran 13)

Iginagalang namin ang mga magkakaugnay na pandaigdigang batas sa pakikipagkalakalan.




Bilang isang pandaigdigang kompanya, inihahatid namin ang aming mga produkto at serbisyo, at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa aming mga teknolohiya, sa mga tao at mga kompanya sa buong mundo. Kumukuha rin kami ng mga raw materials at impormasyon sa negosyo mula sa maraming lugar sa buong mundo. Samakatuwid ito ay kritikal at maingat kami na sumusunod sa lahat ng mga bansa at lokal na batas na pinapangasiwaan ng internasyonal na aktibidad ng kalakalan.

Ang batas tungkol sa export ay hindi lamang tungkol sa pag-export ng mga produkto, kungdi pati rin sa export  ng teknolohikal na impormasyon. Ang mga batas na ito ay nag-iiba depende sa bansa. Halimbawa, sa ilang mga kaso, maaaring paglabag sa batas ng export ng bansa para sa isang empleyado ng AGC na ibunyag ang teknolohikal na impormasyon na nagmula sa bansang iyon sa ibang tao-kahit isa pang empleyado ng AGC-na hindi isang mamamayan o residente ng bansang iyon.

Ang mga import activity o pagdadala ng mga kalakal na binili mula sa isang banyaga o panlabas na pinagmulan sa ibang bansa ay saklaw rin ng iba't-ibang mga batas. Sa partikular, ang aktibidad na ito ay maaaring mangailangan ng pagbabayad ng mga buwis, pati na rin ang pagpila sa mga opisina ng pamahalaan.

Kaya naman lahat ng mga empleyado na kasangkot sa anumang paraan sa proseso ng pag-export o import ng mga materyales at teknolohikal na impormasyon ay dapat na maunawaan at umalinsunod sa lahat ng naaangkop na nabanggit sa itaas at huwag mag-atubiling  humingi ng gabay mula sa iyong pamamahala o alinman sa mga Compliance Resources na  nakalista sa pahina 56 sa itaas kung mayroon anumang pag-aalinlangan tungkol sa naaangkop na mga batas na ito.

Mayroong ASEAN (rehiyonal) treaties at mga multilateral na kasunduan kung saan ang Pilipinas ay isang partido. Ang mga kasunduang ito ang nagpapahayag ng katumbasan sa pagitan ng mga bansa. Kami ay sumusunod sa nasyonal at internasyonal na mga regulasyon ng kalakalan.



Q&A

**Q:** Kami ay magi-import ng salamin mula sa ibang bansa at isa sa aming broker ang nagmungkahi na manipulahin ang mga tala upang mabawasan ang gastos sa buwis at mga tungkulin. Maaari ba itong payagan dahil maaari naman nitong mabawasan ang gastos ng kumpanya?

**A:** Hindi. Hindi tayo dapat na magmanipula ng tala sa kahit na anong paraan maski na makakabawas ito sa gastusin ng kompanya. Kailangan na panindigan natin ang halaga ng katapatan at integridad sa lahat ng ating pakikitungo.

# ANNEX

## Mga Alituntunin para sa "Pagbabawal ng mga Mapanlinlang na mga transaksyon" (Asya)

Opisina ng Pananalapi at Kontrol
Hunyo 2012

1. Panimula

Bilang isang pampublikong institusyon na naglilingkod para sa kapakinabangan ng lipunan, ang paniniguro ng "wastong ulat sa pananalapi" ay ganap na kinakailangan para sa isang kumpanya upang masuportahan ang pagpapatakbo ng negosyo at maipagpatuloy ang responsibilidad na social sa hinaharap.

Ang ilan ay maaaring isipin na ang ulat sa pananalapi ay ginagawa lamang ng kagawaran ng talatuusan. Sa katotohanan, gayunpaman, ang kagawaran ng talatuusan ay walang kakayahan magisa na lumikha ng isang kumpletong pag-uulat. Ang tamang ulat sa pananalapi ay posible lamang kapag may tamang pag-uulat na ginagawa sa bawat kagawaran.

Sa puntong ito, ang maling pag-uulat ay hindi magkakaroon ng benepisyo sa Kumpanya kahit na sinubukan mong gawin ito para sa interes ng Kumpanya. Mangyaring tandaan na kahit na maaaring lumitaw ito na maging kapaki-pakinabang para sa Kumpanya sa maikling termino, ang pag-uulat na kasalungat ng katotohanan sa kalaunan ay magiging sanhi ng pinsala sa Kumpanya. Ang "Wastong ulat sa pananalapi" ay samakatuwid isang mahalagang aspeto ng Kumpanya kung saan ang bawat isa sa atin ay dapat sundin.

2.Pagbabawal ng mga mapanlinlang na mga transaksyon

Ang mga sumusunod na gawain ay mahigpit na ipinagbabawal bilang "mapanlinlang na mga transaksyon."

(1) Pagpoproseso ng isang hindi makatotohanang transaksyon o paglikha ng ulat na tila mayroong transaksyon kahit na wala itong katuturan katulad ng pagbili, pagbenta, o imbentaryo.
Sa kabaligtaran, hindi tamang pagtala ng mga aktwal na transaksyon kahit na umiiral na ito.

(2) Paglikha ng ulat na hindi sumasalamin sa aktwal na sitwasyon, hindi pagtupad sa sa matapat na pagsagawa ng mga tungkulin at / o pamamahala ng badyet na alinsunod sa mga panuntunan at regulasyon ng Kumpanya.

3.Pagsunod sa Grupo ng AGC Pamantayan ng Talatuusan

Ang Grupong AGC ay naghahanda ng mga financial statement na batay sa Patakaran ng Grupo ng AGC Talatuusan, at ang naiulat na mga benta at pagbili, booking ng mga inventories at kapitalisasyon sa mga kagamitan, halaga at benta/ lugi sa kalkulasyon na isinasagawa alinsunod sa patakaran. Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin tungkol sa pangangasiwa ng mga partikular na transaksyon o anumang iba pang mga isyu, mangyaring laging kumonsulta sa kagawaran ng talatuusan.

4.Balangkas ng pangunahing panuntunan ukol sa "Pagbabawal ng mga mapanlinlang na mga transaksyon"

(1) Benta

[1] Transaksyon na dapat itala sa Benta

Ang benta ay mula sa mga kita galing sa transaksyon na isinagawa para sa mga layuning pang-negosyo na itinatag sa artikulo ng inkorporasyon at nagmula sa kita mula sa maikli, gitna at pang-matagalang pananaw.

| Accounts | Target na transaksyon |
|---|---|
| Benta ng mga produkto at paninda | Kasama nito ang kita mula sa mga aktibidad ng benta ng mga produkto at paninda na pangunahing operasyon ng kumpanya (kabilang ang mga kaugnay na serbisyong isinagawa).<br>Ang mga benta ng mga produkto na binili mula sa taga-labas na tagagawa ay kabilang rin sa mga benta ng mga produkto at paninda. |
| Kita mula sa konstruksyon | Kabilang dito ang kita ng kontrata mula sa konstruksiyon ng mga planta, mga gusali, mga kalsada, atbp na pangunahing operasyon ng kompanya.<br>Ang kita ay inuri sa pamamagitan ng uri ng mga benta sa ibaba:<br>(a) Kagamitan at mga materyales: mga benta ng mga produkto at paninda<br>(b) Konstruksyon: Kita mula sa konstruksyon<br>(c) Disenyo at teknikal na mga serbisyo: Kita mula sa mga teknikal na mga serbisyong isinagawa |
| Kita mula sa mga teknikal na mga serbisyong isinagawa | Kabilang dito ang kita mula sa pagbibigay ng isang pamamaraan, disenyo, at iba pang mga teknolohikal na impormasyon na ibinahagi sa pangunahing negosyo ng kumpanya. |

[2] Pagkilala sa Benta
Ang pagkilala sa benta ay inilarawan sa seksyon ng “Kita” ng patakaran ng Grupo ng AGC Talatuusan. Pakitignan sa kagawaran ng talatuusan kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin.

Mga uri ng transaksyon
1. Lokal na benta ng mga produkto, kalakal, kagamitan at mga materyales ng planta
2. Benta ng export ng kaparehong mga items ng mga nakalista sa itaas
3. Gawaing may kontrata at konstruksiyon sa planta
4. Benta ng biniling produkto na hindi kasama ang operasyon na logistic
5. Benta ng kaalaman, pangindustriyang karapatan sa ari-arian
6. Benta ng royalties
7. Benta ng mga bayarin ng engineering
8. Benta ng mga bayarin sa serbisyo

[Tandaan]
Paguulat ng mga benta sa pagtatapos ng buwan
Hindi ka pinapayagan na lumihis mula sa mga patakaran tungkol sa pagkilala ng benta upang kontrolin ang panloob na badyet at / o target ng benta.

-Pangangasiwa ng pansamantalang mga presyo ng yunit
Kung ang isang produkto ay ibinebenta sa isang pansamantalang yunit ng presyo, ang pinal na presyo ng yunit ay dapat tinutukoy bago ang pagtatapos ng huling araw ng talatuusan ayon sa patakaran.
Mangyaring suriin ang kagawaran ng talatuusan para sa pangangasiwa ng mga partikular na transaksyon.

(2) Pagbili at mga kaugnay na transaksyon

[1] Pagkilala sa Pagbili

| | |
|---|---|
| Pagbili ng merchandise | Sa patakaran, ito ay ang petsa kung saan ang merchandise ay siniyasat at tinanggap.<br>Pansamantalang yunit ng presyo: Kung ang anumang materyales o kagamitan ay binili sa isang pansamantalang yunit ng presyo, ang pinal na presyo ng yunit ay dapat na tinutukoy bago ang pagtatapos ng huling araw ng talatuusan, batay sa patakaran.<br>Mangyaring suriin sa kagawaran ng talatuusan para sa pangangasiwa ng partikular na transaksyon. |
| Pagtanggap ng mga serbisyo | Sa patakaran, ito ay ang petsa kung saan ang serbisyo ay siniyasat at tinanggap. |

[2] Ipinagbabawal na kilos

| | |
|---|---|
| Pagtataas ng Off-the-book money | Mahigpit na ipinagbabawal at itinuturing na hindi katanggap-tanggap na pag-uugali ang manipulahin ang pagbili at / o ng iba pang mga transaksyon kasama ang supplier at taasan ang off-the-book money. |
| Mapanlinlang na maaga / antalang pag-uulat | Hindi ka pinapayagang lumihis mula sa mga panuntunan sa pagbili upang kontrolin ang panloob na badyet at / o target sa gastusin at kita.<br>(Halimbawa)<br>• Mapanlinlang na maagang pagtanggap ng mga gastos sa pananaliksik:<br>Ang pagtanggap ng mga gastos ng pananaliksik nang maaga at paggawa ng ulat ng pagbabayad sa huling linggo ng buwan ng pagsasara kahit na ang pananaliksik ay hindi pa nakukumpleto.<br>• Mapanlinlang na maagang pagtanggap ng mga gastos ng konstruksiyon:<br>Ang pagtanggap ng mga gastos ng konstruksiyon nang maaga at paggawa o pagtala ng pagbabayad kahit na ang konstruksiyon ay hindi pa aktwal na nakumpleto.<br>• Pagtatala ng gastos ng konstruksiyon na labis mula sa aktwal na halaga na may layunin na itala ang isang pinababang halaga para sa iba't ibang mga item ng konstruksiyon, dahil mayroong labis na badyet para sa kasalukuyang termino. |

3. Pagiisyu ng slips

Ang mga accounting slips ay dapat na ipanapahayag ang aktwal na transaksyon kabilang ang biniling produkto, konstruksiyon, serbisyo, atbp at dapat na naitala sa tamang titulo ng talatuusan upang maipakita ang katotohanan.

Ang badyet ay hindi dapat na ilihis sa ibang mga item na gastusin o konstruksiyon.

[Ipinagbabawal na kilos]

* Ang pagtatala ng isang maling item sa konstruksyon, items sa gastusin at / o kodigo sa badyet.
* Paglilihis ng gastos para sa konstruksiyon ng isang planta, atbp sa ibang item ng konstruksyon.
* Pagbabaluktot ng aktwal na transaksyon (Halimbawa ay ang paghiling sa isang tagapagtustos na magbayad ng gastos ng libangan at pagbalik sa kanila ng katumbas na halaga sa paraan ng mapanlinlang na pagbili ng produkto.

4. Benta ng mga magagamit muli na mga produkto (katulad ng bakal at scrap ng papel)

Ang pagbebenta ng mga materyales na magagamit muli ay dapat na itinuturing bilang isang independent na kita at hindi dapat ibawas sa ibang produkto o iba pang mga pagbili.

5. Imbentaryo

Ang pagkakaiba ng imbentaryo ay dapat malinaw at naitama sa pamamagitan ng pisikal na stocktaking ng kagawaran o sa pamamagitan ng pagkuha ng sertipiko ng imbentaryo at pagkumpirma ng balanse batay sa talaan ng kontrol ng imbentaryo.

6.Buwanang gastusin at kita /lugi sa kalkulasyon

– Ang dami ng produksyon, trabahong nakaproseso, paglalaan ng gastos, mga benta, at iba pang mga data na kinakailangan para sa buwanang gastusin at kita / lugi ng kalkulasyon ay dapat na naitala ng kagawaran alinsunod sa naaangkop na mga panuntunan.

– Ang pagkalkula ay dapat gawin batay sa tamang data. Hindi dapat baluktutin ang anumang halaga sa pamamagitan ng pagtatala ng isang maling bilang. Ang konsumo ng rate ng materyales at bunga nito ay dapat sumasalamin sa aktwal na data.

7. Value added tax, customs duty, atbp.

Dapat kang palaging sumunod sa mga batas at regulasyon tungkol sa value added tax, customs duty, atbp. na may kaugnayan sa mga benta at mga transaksyon sa pagbili.



AGC

AGC FLAT GLASS PHILIPPINES, INC.

Asahi Special Economic Zone
730 MH del Pilar Street, Bo. Pinagbuhatan
Pasig City, Philippines
tel. (+632) 641.1981 to 87 fax (+632) 641.1988
inquiries@ph.agc-flatglass.com www.agc-flatglass.ph

October 2012